



ASIA
PACIFIC
COLLEGE

— C O N S O R T I U M —

HOME STUDY

Asia Pacific College

Version 2

Mga Hakbang sa Pagsasagawa at Pagsuporta ng *Home Study*

Walang madaling solusyon sa pagpapatuloy ng edukasyon lalo na sa panahon ng krisis. Ang nananatiling mayroon lamang sa amin ay ang pag-asa at kumpiyansa sa kakayahan ng aming mga mag-aaral na nahubog upang ipagpatuloy ang pagkatuto sa loob o labas man ng paaralan.

Sa ganitong mga panahon, ang naging pangunahing solusyon ng institusyon ay ang pagsasabuhay ng isa sa mga pangunahing pagpapahalaga ng Asia Pacific College (APC), at ito ay ang inobasyon. Kami ay naniniwala na sa pamamagitan nito ay madali nating maiaangkop at matatanggap ang mga pagbabago sa pamamaraan ng pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon na nararapat sa aming mga mag-aaral sa kabila ng pandemyang ito.

Ano ang *Home Study*?

Binigyang kahulugan ng APC ang “*Home Study*” bilang isang kurso na isinasagawa sa tahanan o sa lugar na ligtas at maayos ang kapaligiran upang makapag-aral. Paano ipinatutupad at sinusuportahan ng APC ang *Home Study*?

1. Binuo at tinipon sa isang *digital* na lagakan ang mga aralin at pangunahing pangangailangan sa pag-aaral kagaya ng mga pagsasanay, takdang aralin, at pagtataya ng pagkatuto, na maaaring hindi pagsusulit at tinawag itong “APC CoursePack”.
2. Ang pagtuturo ng mga aralin ay pangangasiwaan, susubaybayan, at susuriin ng APC *Faculty* na nakaatas upang pamahalaan ang klase simula pa lamang ng ikatlong termino.
3. Maaaring mag-aral ang mga mag-aaral ayon sa kani-kanilang *pacing*, ngunit may pagsasaalang-alang ng mga mahahalang iskedyul na ibibigay ng kanilang mga guro tulad ng mga *deadline* sa pagsusumite ng mga takdang aralin, proyekto, at inihandang pagtataya ng pagkatuto.
4. Sa pagtatapos ng terminong ito, ang mga mag-aaral sa bawat kurso o klase ay bibigyan ng mga marka na siyang magiging repleksyon ng kanilang pagganap at pakikilahok sa nasabing pagkatuto.



Ano ang APC CoursePacks?

Ang inyong mga masisipag na guro ay malugod na inihahayag sa inyo ang pinakabagong inobasyon ng APC sa paraan ng pagtuturo at pag-aaral habang nasa programang *Home Study*. Ang mga APC CoursePacks ay:

1. Koleksyon ng mga itinalagang babasahin at iba pang mga sanggunian na sumasaklaw sa *syllabi* ng isang kurso.
2. Naglalaman ng mga aktibidad, takdang aralin, at pagtataya ng pagkatuto na inilaan upang matulungan ang mga mag-aaral na mapahusay ang inyong pagkatuto at makamit ang mga *learning outcomes* habang nasa programang *Home Study*, at habang isinasaalang-alang ang mga limitasyon na dulot ng kasalukuyang kondisyon ng lipunan.
3. Saklaw nito ang mga natitirang aralin at mga kinakailangang isumite para sa klase sa nalalabing bahagi ng ikatlong termino, na nagsimula noong Ika-6 ng Pebrero, 2020.




Figura 1. Sampol ng CoursePack para sa kursong Typography ng NU-ASIA PACIFIC COLLEGE

Paano makukuha ang mga APC *CoursePacks*?

Aming nauunawaan ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral patungkol sa *access*, bilis at kalidad ng koneksyon sa *internet*, lalo na ang pagkakaroon nito. At dahil dito, pinag-isipan nang mabuti ng APC ang mga paraan upang kayo ay masuportahan sa inyong pag-*access*, paggamit, at *storage* ng mga APC *CoursePacks*.

Ibibigay ng APC ang lahat ng inyong kakailanganin sa pag-aaral gaano man kabilis ninyo ito naising gawin sa loob ng inyong mga tahanan.

1. *Home Study Assistance Credit* upang ma-*access* ang mga APC *CoursePacks*

Ang APC ay babawas ng P1,000.00 (bilang *Home Study Assistance Credit*) sa inyong hindi pa nababayaranang matrikula para sa ikatatlong termino o sa inyong matrikula sa susunod na akademikong taon.

Makatutulong ito sa iyong pag-aaral at pagkumpleto ng inyong mga kinakailangang isumite anuman ang inyong harapang kondisyon. Ang inyong pagnanais na magpatuloy sa pag-aaral ay hindi dapat maging pasanin sa inyo o sa inyong mga magulang sa mga oras na ito.

2. Ilang mahahalagang impormasyon sa pag-a-*access* ang inyong mga APC *CoursePacks*:

- Matatagpuan ang mga APC *CoursePacks* sa inyong MS Teams *site*. Ang mga ito ay magsisimulang ma-*access* sa **ika-2 ng Mayo, 2020**.




Figura 2. Mga *site* ng Microsoft Teams para sa *CoursePacks*

- Upang makuha ang inyong mga kinakailangang APC *CoursePacks*, sumali lamang sa Teams *site*.
- Lahat ay hinihikayat na *i-download* ang mga APC *CoursePacks* ng inyong mga kurso upang mabawasan o malimitahan ang inyong pagpunta sa *internet*. Maaari kayong gumamit ng iba't ibang paraan sa pag-*storage* ng mga APC *CoursePacks* kagaya ng mga sumusunod:
 - Gumamit ng 16 Gb USB *flash drive* o anumang *storage device* na kayo ay mayroon sa kasalukuyan.

- Kung hindi ninyo ma-access ang mga APC CoursePacks sa pamamagitan ng *internet*, mangyari lamang na mag-email sa **coursepack@apc.edu.ph**; ipagbigay alam ang pormat na nais ninyo para sa mga CoursePacks (*electronic files* na nakatabi sa isang USB drive o *printed*), ang inyong *student number*, pangalan at kumpletong *address* kung saan ipadadala ang mga APC CoursePacks na inyong kailangan. Ipadadala sa inyo ang mga CoursePacks sa pamamagitan ng *courier service*.

Paano pinupunan ng APC CoursePacks ang Home Study?

Ngayon na mayroon na kayong mga APC CoursePacks, maaari na nitong punan ang pangangailangan sa *Home Study*. Narito ang ilang mga aktibidad na maaaring magawa sa kabuoan ng *Home Study*:

- I-download ang inyong mga APC CoursePacks, data o software
- Makipagtulungan sa inyong mga guro o kamag-aral, kahit anumang oras na kayo ay komportable
- Isumite ang mga papel o proyekto
- I-access ang mga LinkedIn Learning *video* o ang YouTube kung kinakailangan
- I-access ang ilang mga *systems* o *software* sa Cloud
- Itabi ang mga APC CoursePacks sa isang USB *flash drive* na naglalaman ng mga aktibidad at kahingian na naisumite, bilang patunay ng inyong partisipasyon sa klase. Ito ay maaaring ipadala sa inyong mga guro sa APC
- Isumite ang patunay ng pakikilahok ninyo sa mga klase (mga *hard copy*) sa mga guro sa APC



Paano masusukat at mabibigyan ng marka ang awtput ng mga mag-aaral?

Lahat tayo ay nabubuhay ngayon sa panahon na walang katiyakan. Napagtanto namin na ang lahat ng ating mga pagsisikap ay lalong pinapahirap ng iba't ibang mga hamon. Ngunit sa kabila nito, susuriin ng inyong mga propesor ang inyong pagkatuto batay sa mga sumusunod: kalidad ng mga awtput na inyong ipinasa, pagganap sa mga pagtataya ng pagkatuto, at pagsisikap na ipinakita sa paglahok sa klase.

Ang mga sumusunod ay ang ipatutupad na sistema ng pagmamarka:

1. Matapos ninyong kasiya-siyang matugunan ang mga kinakailangan sa kurso gamit ang *outcomes-based assessment* na nakasaad sa mga APC CoursePack, kayo ay maaaring bigyan ng:
 - a. **1.0 hanggang 4.0 o 75 hanggang 100:** Maaaring makatanggap ng *numeric grade* kung may sapat at matibay na batayan (halimbawa, partisipasyon o pagsisikap sa klase, *paper output*, *written assessments*, o mga proyekto) upang masuri ang pagkatuto ng mga mag-aaral at inaasahang resulta ng kurso; o
 - b. **Pass (P):** na siyang tutukuyin ng inyong guro.
2. **IP:** Ang isang mag-aaral ay maaaring bigyan ng markang '*In Progress (IP)*' kung siya ay may mga kakulangan sa mga kinakailangang isumite para sa kurso o kung may makatuwirang dahilan upang magbigay pa ng mas mahabang oras para makapagsumite. Bibigyan ang mag-aaral ng isa (1) at hindi na lalawig pang akademikong taon (AY 2020-2021) upang makapagpasa ng mga kahingian ng kurso at mapalitan ang markang '*IP*' ng isang *numerical* na marka o markang '*P*'.

Ang lahat ng mga kursong naka-*enrol* ngayong ikatlong termino AY 2019-2020 ay hindi pagkakalooban ng '*No Grade (NG)*', '*Repeat (R)*', '*Fail (0.0)*' o ng marking mas mababa sa 75 (para sa SHS).

Ano ang iba pang mga inobasyon sa pamamaraan at proseso ng pag-*enrol* sa APC?

Bilang karagdagan, nais naming pag-ibayuhin ang aming suporta sa inyo na aming mga mag-aaral at sa inyong mga magulang sa pamamagitan ng pagbibigay kaluwagan sa mga pinapairal na mga pamamaraan at proseso ng APC:

1. Ang isang mag-aaral ay maaaring payagan na muling mag-*enrol* sa isang kurso sa loob ng AY 2020-2021 nang walang gastos, bilang *refresher* para sa kanyang mga naka-*enrol* na kurso sa kasalukuyan (ika-3 *Term* AY 2019-2020). Ang mga ito ay makokonsidera bilang '*Audit*' o '*Regular*' na kurso.
2. Lahat ng mga kursong *pre-requisite* na naka-*enrol* para sa kasalukuyang termino ay ikokonsidera bilang *soft requisites*. Samakatuwid, pinahihintulutan ang mga mag-aaral na magpatuloy sa pag-*enrol* sa mga kasunod at mas nakatataas na mga kurso para sa Unang Termino AY 2020-2021 kahit na ang mga marka para sa mga *soft requisites* ay nakabinbin pa.

Ano ang ating kalendaryo para sa Ikatlong Termino, *Academic Year* 2019 – 2020?

Tulad ng nauna nang inihayag, ang Ika-tatlong Termino AY 2019-2020 ay pinalawig at magsisimula sa ika-2 ng Mayo, 2020, at magtatapos sa ika-23 ng Hunyo, 2020. Ang pagsuspende sa klase noong ika-10 ng Marso, 2020 ay nag-iwan lamang sa aming mga mag-aaral ng limang (5) linggo ng klase mula sa 13.5 na linggong kinakailangan. Hindi ito sapat na oras upang maisagawa ang isang obhektibong pagtataya ng pagkatuto sa mga mag-aaral.

Ang pagpapalawig ng termino ay inilaan upang makapagbigay pa ng lima (5) o higit pang linggo para sa *Home Study* at hayaan ang mga mag-aaral at guro na magpalitan ng kaalaman at kasanayan; gayundin, upang masuri ang kanilang *performance* bilang patunay na ang mga mag-aaral ay natuto.

Tinitiyak din nito ang ating pagsunod sa inatas na pinakamababang dami ng araw ng pagpasok sa paaralan ayon sa pinakahuling kautusan at payo ng DepEd at CHED. Walang inaasahang karagdagan pagpapalawig ng termino kahit matagalan ang *ECQ* o magsuspende ng mga klase sa Makati. Tatapusin ng APC ang Ikatlong Termino sa Ika-23 ng Hunyo, 2020.

Narito ang akademikong kalendaryo ng 3rd *Term* AY 2019-2020.